**TANONG:**

*Sunnah po ba na mag-ayuno sa buong buwan ng Sha'baan?*

**SAGOT:**

Ang lahat papuri ay kay Allah.

Hinihikayat at pagpaparami ng pag-aayuno sa buwan ng Sha'baan.

Naiulat mula sa Propeta na kinagawian niyang pag-ayunuhan ang buong Sha'baan.

Iniulat ni Umm Salamah (kalugdan nawa siya ni Allah),

مَا رَأَيْتُ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ صَامَ شَهْرَيْنِ مُتَتَابِعَيْنِ إِلا أَنَّهُ كَانَ يَصِلُ شَعْبَانَ بِرَمَضَانَ

***"Hindi ko nakita ang Sugo ni Allah na nag-ayuno ng dalawang magkasunod na buwan liban sa Sha'baan at Ramadan."(1)***

Sa isa pang pagtatala ni Imam Abu Daawood,

أَنَّ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ لَمْ يَكُنْ يَصُومُ مِنْ السَّنَةِ شَهْرًا تَامًّا إِلا شَعْبَانَ يَصِلُهُ بِرَمَضَانَ

***"Ang Propeta ay hindi kailanman nag-ayuno ng isang buong buwan sa (loob ng) isang taon liban sa Sha'baan na kanyang idinurugtong sa Ramadaan."(2)***

Ang lantad mula sa mga hadeeth na ito ay nag-aayuno ang Propeta sa buong buwan ng Sha'baan.

Subalit naiulat din na ang Propeta ay nag-aayuno sa buong Sha'baan maliban sa ilang araw.

Isinalaysay ni Abu Salamah (kalugdan nawa siya ni Allah),

سَأَلْتُ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا عَنْ صِيَامِ رَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ ، فَقَالَتْ : كَانَ يَصُومُ حَتَّى نَقُولَ قَدْ صَامَ ، وَيُفْطِرُ حَتَّى نَقُولَ قَدْ أَفْطَرَ ، وَلَمْ أَرَهُ صَائِمًا مِنْ شَهْرٍ قَطُّ أَكْثَرَ مِنْ صِيَامِهِ مِنْ شَعْبَانَ ، كَانَ يَصُومُ شَعْبَانَ كُلَّهُ ، كَانَ يَصُومُ شَعْبَانَ إِلا قَلِيلا

***"Tinanong ko si 'Aa'ishah (kalugdan nawa siya ni Allah) hinggil sa pag-aayuno ng Sugo ni Allah. Ang sabi niya, "Siya ay mag-aayuno hanggang sa sabihin naming tuloy-tuloy na siyang mag-aayuno at (dumarating ang panahon na) siya ay hindi mag-aayuno hanggang sabihin naming hindi na siya mag-aayuno. Hindi ko siya nakitang nag-ayuno ng higit pa sa pag-aayuno niya sa Sha'baan. Kinagawian niyang mag-ayuno sa buong Sha'baan, siya ay nag-aayuno sa Sha'baan liban sa iilan(g araw)."(3)***

Nagkaiba (ng opinyon) ang mga iskolar kung paano pagkakasunduin ang mga hadeeth na ito.

May ilan sa kanila na nagsabing ito ay dahil sa pagkakaiba ng panahon, na ilan sa mga taon ay nag-ayuno ang Propeta sa Sha'baan ng kabuuan (nito), at sa ibang taon ay nag-ayuno siya liban sa iilang araw. Ito ang pinanigan ni Shaykh Bin Baaz (kaawaan nawa siya ni Allah).(4)

Ang iba naman (sa kanila) ay nagsasabing hindi nag-ayuno ang Propeta ng isang buong buwan liban sa Ramadaan. Binigyang-kahulugan nila ang hadeeth ni Umm Salamah na ang ibig-sabihin noon ay nag-ayuno siya (ang Propeta) sa Sha'baan liban sa ilang araw. Katanggap-tanggap ito sa (pagsusuri ng kahulugan sa) lengguwahe, na kapag ang isang tao ay nag-ayuno sa mas maraming araw ng isang buwan ay maaaring sabihin na nag-ayuno siya sa buong buwan.

Sinabi ni Imam al-Haafidh ibnu Hajar (kaawaan nawa siya ni Allah),

*Ang hadeeth ni 'Aa'ishah ay nagpapaliwanag sa hadeeth (na iniulat) ni Umm Salamah,* ***"na hindi siya nag-ayuno ng isang buong buwan (sa loob) ng isang taon liban sa Sha'baan na kanyang idinurugtong sa Ramadaan"—****ito ang nangangahulugan na na ang karamihan (sa mga araw dito) ay kanyang pinag-aayunuhan.*

Iniulat ni Imam at-Tirmidhi na sinabi ni Imam 'Abdullah ibnul-Mubaarak, *"Posible ito sa lengguwahe ng mga Arabo, na kapag maraming araw sa isang buwan ang pinag-ayunuhan ay sabihing nag-ayuno siya sa buong buwan."*

Sinabi ni Imam at-Teebi, *"Maaaring nag-ayuno sa ng buong Sha'baan sa isang pagkakataon at nag-ayuno naman siya ng higit (na mas maraming araw) liban sa iilan. Ito ay upang hindi akalain (ng mga tao) na obligado din ang pag-aayuno dito kagaya ng Ramadaan."*

Nagpatuloy si Imam al-Haafidh at kanyang sinabi, *"Yaon ang tama, na ang Propeta ay hindi nag-ayuno sa buong Sha'baan." Ginamit niyang katibayan ang salaysay ni 'Aa'ishah,*

وَلا أَعْلَمُ نَبِيَّ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَرَأَ الْقُرْآنَ كُلَّهُ فِي لَيْلَةٍ ،
وَلا صَلَّى لَيْلَةً إِلَى الصُّبْحِ ، وَلا صَامَ شَهْرًا كَامِلا غَيْرَ رَمَضَانَ

***"Hindi ko napag-alaman na ang propeta ni Allah ay nagbasa ng buong Quran sa (loob ng) isang gabi, o nagdasal (ng buong magdamag) hanggang bukang-liwayway (Fajr), o nag-ayuno ng isang buong buwan liban sa Ramadaan."(5)***

At gayundin ang sinabi ni 'Abdullah ibnu 'Abbas (kalugdan nawa siya ni Allah), *"Ang Propeta ay hindi (kailanman) nag-ayuno ng isang buong buwan liban sa Ramadaan."(6)*

Sinabi ni Imam As-Sindee sa pagpapaliwanag ng hadeeth ni Umm Salamah, **idinurugtong niya ang Sha'aan sa Ramadaan,** *"Pareho niyang pinag-ayunuhan (ng buo ang dalawang buwan), ang lantad (na kahulugan) ay nag-ayuno siya sa Sha'baan sa pangkalahatan nito, subalit mayroong mga salaysay na kaiba dito. Kung gayon, (ang dapat maunawaan) ay nag-ayuno siya sa mas nakararaming araw (ng Sha'baan) kaya't para na rin niya itong pinag-ayunuhan ng buo na kasunod ang Ramadaan."*

Kung mayroong magtatanong hinggil sa karunungan (o kabutihan) ng pagpapaparami ng pag-aayuno sa buwan ng Sha'baan, ang sagot ay sinabi ni Imam al-Haafidh *"Ang dahilan ay naipaliwanag sa iniulat ni an-Nasaa'i, Abu Daawood at pinatunayang matatag (na salaysay) ni Ibnu-Khuzaymah, mula kay Usaamah ibnu Zayd (kalugdan nawa siya ni Allah):*

قُلْت : يَا رَسُول اللَّه ، لَمْ أَرَك تَصُومُ مِنْ شَهْر مِنْ الشُّهُور مَا تَصُوم مِنْ شَعْبَان , قَالَ : ذَلِكَ شَهْرٌ يَغْفُلُ النَّاس عَنْهُ بَيْنَ رَجَبٍ وَرَمَضَان , وَهُوَ شَهْر تُرْفَعُ فِيهِ الأَعْمَال إِلَى رَبّ الْعَالَمِينَ ، فَأُحِبُّ أَنْ يُرْفَعَ عَمَلِي وَأَنَا صَائِمٌ

***Sabi ko "O Sugo ni Allah, hindi ko kayo nakitang nag-ayuno sa ibang buwan gaya ng pag-aayuno ninyo sa Sha'baan." Sabi niya, "Ito ay buwan na pinababayaan (o winawalang-bahala) ng mga tao—sa pagitan ng Rajab at Ramadaan. Ito ay buwan kung saan iniaangat ang mga gawain sa Panginoon ng lahat ng nilalang. Iniibig ko na iniaangat ang aking mga gawain habang ako ay nag-aayuno."(7)***

At si Allah ang higit na nakakaalam.

---

1. Ahmad (26022), Abu Daawood (2336), an-Nasaa'i (2175) at Ibn Maajah (1648)
2. TInukoy na Saheeh ni Shaykh al-Albaani sa Saheeh Abi Daawodd (2048)
3. Saheeh Muslim (1153)
4. Majmoo' Fataawa al-Shaykh Ibn Baaz, 15/416.
5. Saheeh Muslim (746)
6. Saheeh al-Bukhaari (1971) at Saheeh Muslim (1157)
7. Pinatunayang Saheeh ni Shaykh al-Albaani, Saheeh an-Nasaa'i (2221)

---

Halaw mula sa: https://islamqa.info/en/13729 at https://islamqa.info/ar/13729

Isinalin sa wikang tagalog ni Abu Muwahhid Lut Gilman